

Project EASE

(Effective and Affordable Secondary Education)

EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV



MODYUL BLG. 12



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepED Complex, Meralco Avenue
Pasig City



EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV

Yunit III

Modyul Blg. 12

Katatagan ng Kalooban

I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Walang gustong lumabas ng bahay kapag malakas ang bagyo. Natatakot na mapinsala dahil sa malalakas na hangin at ulan. Ganoon din ang tao, sa panahon ng mga hamon, pagsubok at suliranin, natatakot ang tao na harapin ito. Madalas, ang takot ang nauuna kaya sumusuko agad at ganap na hindi nalulutas ang mga suliranin.

Sa modyul na ito, mapatutunayan mong ang katatagan ng kalooban (fortitude) ang pagpapahalagang dapat hubugin sa pagharap sa mga hamon sa buhay.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaaasahang matutuhan mo na ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

Napatutunayan na ang katatagan ng kalooban (fortitude) ay nasusubok sa pagharap sa hamon ng buhay (LC 3.4)

- A. Nasusuri ang mga sitwasyong humahamon sa katatagan ng kalooban
- B. Natutukoy ang mga pagpapahalagang mahuhubog kaugnay ng katatagan ng kalooban
- C. Nakabubuo ng sariling panuntunan tungo sa pagiging matatag sa mga hamon sa buhay

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-

unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

II. Handa Ka Na Ba?

Basahing mabuti ang pahayag. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Ang katatagan ng loob ay ang lakas upang
 - a. paninindigan para sa sariling paniniwala
 - b. gumawa ng kabutihan para sa lahat
 - c. mapaglabanan ang hirap ng buhay
 - d. makaiwas sa panganib
2. Marami sa ating mga mamamayan ang naghihirap subalit nakatatagal sila at nananatiling nabubuhay dahil sa kanilang
 - a. mabuting paghusga
 - b. angking karunungan
 - c. katapangan
 - d. katatagan ng kalooban
3. Ang katatagan ng kalooban ay makikita sa mga taong
 - a. patuloy na nangangarap na umahon sa buhay
 - b. nagsisikap sa buhay
 - c. nag-iisip na bubuti rin ang kanilang buhay
 - d. nagdarasal palagi
4. Sina Rizal, Bonifacio at iba pang mga bayani ay nanatiling matatag ang loob sa gitna ng panganib sa kanilang buhay dahil sila ay may pagpapalagang tulad ng
 - a. Katapangan
 - b. Katalinuhan
 - c. Kapayapaan
 - d. Kahinahunan

5. May mga taong nagdaranas ng lubhang paghihirap dahil sa kanilang malubhang karamdaman, subalit nanatiling matatag ang kalooban dahil sinasabayan nila ito ng matibay na
- a. pag-ibig
 - b. paniniwala
 - c. panalangin
 - d. pag-asa

III. Tuklasin Mo

Gawain Blg. 1

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.

Laban sa Lahat ng Pag-asa (Against All Hope)

Isinalin Mula sa Readers Digest, 1987

Si Armando Valladares, 23 taong gulang, empleyado ng pamahalaang Havana ay hinuli noong Disyembre 29, 1960 dahil sa pahayag ng pagtutol sa komunismo. Itinuring na isang malaking kasalanan ang magsalita laban sa pamahalaan ni Fidel Castro noong panahong iyon.

Nahatulan siya ng 22 taong pagkabilanggo sa salang pananabotahe at paninira. Ikinulong siya sa Isla de Pino kasama ang 300 bilanggong pulitikal. Panis na pagkain na may uod pa ang pinakakain sa kanila. Nang magtangka silang tumakas, ikinulong sila sa black cell. Walang pagkain ni tubig sa seldang ito. Nagkasugat-sugat siya dahil ni hindi siya makapaghilamos. Sa takot niyang magka-hepatitis, hindi niya hinihipo ang pagkain. Kinukuha ng kanyang bibig ang pagkain na para siyang hayop. Gayunpaman, nagkasakit pa rin siya sa bituka.

Ang mga kamag-anak ng mga kasama niya ay ipinarating ang karaingan ng mga bilanggo sa kinauukulan subalit nang magsiyasat pinalitaw ng pamahalaan na wala silang concentration camp.

Habang nakakulong, nagsulat si Valladares ng mga tula, dokumento at anekdota. Ipinalalathala ang mga ito ni Martha, anak ng isa ring bilanggo.

Natuklasan ito ng pamahalaan kaya't kinumpiska ang mga gamit ni Valladares ngunit naitago niya ang blade na pangkayas niya ng kahoy upang maging panulat gamit ang kanyang dugo bilang tinta. Nabansagan siyang "konsensiya ng mga bilanggao".

Sinuway din ng mga bilanggo ang pagsusuot ng uniporming kulay asul dahil naniniwala silang ang pambilanggong kasuotan ay nagpapatunay na inaamin nilang sila ay may kasalanan at katulad ng ibang mga bilanggo. Naparusahan silang muli dahil dito.

Sina Martha at iba pang kamag-anak ng mga bilanggo ay humingi ng amnestiya sa mga samahang internasyonal. Si Liv Usman, isang artistang taga Oslo ang tumulong sa kanila.

Naipagamot ang mga bilanggo hanggang sila ay makalaya. Nagpakasal sina Valladares at Martha at sila ay tumulong sa pagpapalaya ng iba pang bilanggong pulitikal.

Sagutin Mo

1. Anu-anong paghihirap ang naranasan ni Valladares bilang isang bilanggong pulitikal ayon sa kuwento? Ipaliwanag.
2. Paano ipinakita ni Valladares ang kanyang paninindigan sa kabila ng kalagayan niya bilang isang bilanggo?
3. Bakit hindinawalang ng pag-asa sina Valladares habang sila ay nakakulong?
4. Bakit kinakailangang maging matapang at matatag sa gitna ng mga panganib sa buhay?

Gawain Blg. 2

Balikan ang isang napakabigat na suliraning kinakaharap sa buhay na iyong napagtagumpayan. Isalaysay ang iyong problema at isulat ang mga hakbang na iyong ginawa. Pagkatapos sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Ang Naging Mabigat Kong Suliranin:

Mga Hakbang na Ginawa

1.	

2.	

3.	

4.	

Sagutin Mo

1. Ano ang naging dahilan at naging matagumpay ka sa pagharap sa mabigat na suliraning ito?
2. Anu-ano ang mga pagpapahalagang iyong taglay na nagpapanatili ng iyong katatagan ng iyong kalooban?

Gawain Blg. 3

Panuto: Ang bawat sitwasyon sa ibaba ay nagpapakita ng iba't ibang mabibigat na suliranin. Isulat mo sa ibaba ang mga solusyong iyong naisip na nagpapamalas ng katatagan ng iyong kalooban.

1. Mula ng mapunta sa Maynila, ayaw na ni Robert na bumalik ng probinsiya. Bukod sa walang kuryente sa kanilang baryo, halos walong kilometro ang kanilang nilalakad upang makasakay ng bus palabas ng kanilang lugar dahil ito ay bulubundukin. Ngunit isang araw, nakatanggap siya ng sulat mula sa ina, kailangan niyang umuwi upang siya ang mamahala ng kanilang taniman ng gulay. May sakit ang kanyang ama at ito ay hindi na makalakad. Ano ang dapat niyang gawin?

2. Sikat sa paaralan si Leana dahil napakaganda at napakatalino niya. Maykaya rin ang kanyang pamilya. Isang araw, napanood sa TV at napabalita sa mga diyaryo ang anumalyang kinasangkutan ng kanyang ama. Lumayo ang kanyang mga kaibigan at lagi siyang pinag-uusapan sa paaralan. Hindi na siya pinapansin ng mga mag-aaral sa kanilang paaralan. Ano ang dapat niyang gawin?

3. Masaya ang pamilya nina Luisa. Huwaran ang kanyang mga magulang at mababait ang kanyang tatlong kapatid. Isang araw, isang babae na may kasamang bata ang pumunta sa kanilang tahanan. Nagpakilala itong asawa ng kanilang ama. Nagulat ang kanyang ina kaya ito ay nagkasakit. Hindi ito matanggap ng kanyang mga kapatid. Si Luisa ang panganay sa magkakapatid. Ano ang dapat niyang gawin?

Sagutin Mo

1. Bakit napakahirap gumawa ng solusyon para sa mga suliraning nabanggit sa gawain?
2. Paano makatutulong ang mga karanasan ng tao sa paglutas ng kanyang mga suliranin?
3. Paano nakatutulong ang panalangin at taimtim na pananampalataya sa paglutas ng mabibigat na suliranin?

IV. Ano Ang Natuklasan Mo?

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang kahalagahan ng pagiging matatag ang kalooban?

2. Anu-anong pagpapahalaga ang kaugnay ng katatagan ng kalooban?

V. Pagpapatibay

Ang Katatagan ng Kalooban (Fortitude)

Ang katatagan ng kalooban (fortitude) ay isa sa apat na *moral at cardinal virtues* (*prudence, temperance, justice at fortitude*). Ito ay moral na virtue dahil ito ay komokontrol sa emosyon batay sa tamang katwiran.

Dalawa ang uri ng katatagan, ito ay ang pisikal at moral. Ang una ay tumutukoy sa kakayahan ng pisikal o materyal na kalikasan na kayanin ang mga hira o sakit. Mas gusto ng ating katawan ang mga bagay na mabuti para sa kanyang pakiramdam tulad ng malamig na lugar, maginhawang paghinga at maayos nakalagayan. Kung kaya't kapag nalalagay ang katawan sa mahirap na sitwasyon, kailangan nitong maging maging matatag. Halimbawa, mas maginhawa ang sumakay kaysa maglakad. Ngunit na mas maginhawang sumakay sa kotse kaysa sumakay sa jeepney. Kaya kung nasanay kang sumakay ng kotse, hindi komportable para sa iyo ang sumakay ng jeepney lalo na ang maglakad.

Subalit kung iisipin, ang katawan ay mayroong kakanyahang makayanan ang mga hira at sakit. Maaring hubugin ang katawan at

sanayin tulad ng pag-eheersisyo at pagkain nang tama. At ang patuloy na pagsisikap na makayanan ang hirap ay magpapalakas pa sa ating katawan.

Ang pangalawang uri ay ang katatagang moral. Ito ay ang paninindigan at deteminasyong ipagtanggol ang paniniwala sa buhay. Determinado si Rizal na matapos ang kanyang aklat na Noli Me Tangere kaya tiniis niya ang hirap at hiningi ang tulong ng mga kaibigan upang mabuo ito. Ang mga sundalo sa Mindanao ay naging matatag na sundin ang atas ng pamahalaan at buong giting na nananatili sa mga kabundukan. Ang mga taong naniniwala sa kanilang mga ipinaglalaban ay patuloy sa kanilang mga gawain. Ang mga misyonerong walang hinihintay na kapalit sa kanilang paglilingkod ay tapt sa kanilang tungkulin.

Upang higit pang masanay ang sarili na maging matatag narito ang mga kaugnay na pagpapahalaga ng katatagan ng kalooban:

-  Katiyagaan
-  Pagiging masigasig
-  Katapatan
-  Kasipagan
-  Katapangan
-  Pagkamasunurin
-  Mapaglingkod

VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Mula sa sinulat ni St. Teresa ng Avila, Patience, pagnilayan mo ito at mula sa mga naging gawain, ipahayag ang iyong mga paraan upang maisabuhay ang moral at cardinal na virtue ng katatagan ng kalooban (fortitude).

Huwag hayaang ikaw ay mabahala,
Huwag hayaang sa iyo ay may tumakot,
Lahat ng bagay ay maaaring lumipas,
Ngunit ang Diyos ay hindi magbabago.

Magtiyaga,
Kamtin ang lahat
Ang sinumang naniniwala sa Diyos
Hindi makararamdam ng kawalan
Ang Diyos ay kapupunan na.

Mula sa tula at mga naging gawain nahinuha kong ang katatagan ng kalooban ay _____

VII. Gaano Ka Natuto?

Basahing mabuti ang pahayag. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Ang katatagan ng loob ay ang lakas upang
e. paninindigan para sa sariling paniniwala

- f. gumawa ng kabutihan para sa lahat
 - g. mapaglabanan ang hirap ng buhay
 - h. makaiwas sa panganib
2. Marami sa ating mga mamamayan ang naghihirap subalit nakatatagal sila at nananatiling nabubuhay dahil sa kanilang
- a. mabuting paghusga
 - b. angking karunungan
 - c. katapangan
 - d. katatagan ng kalooban
3. Ang katatagan ng kalooban ay makikita sa mga taong
- a. patuloy na nangangarap na umahon sa buhay
 - b. nagsisikap sa buhay
 - c. nag-iisip na bubuti rin ang kanilang buhay
 - d. nagdarasal palagi
4. Sina Rizal, Bonifacio at iba pang mga bayani ay nanatiling matatag ang loob sa gitna ng panganib sa kanilang buhay dahil sila ay may pagpapalagang tulad ng
- a. Katapangan
 - b. Katalinuhan
 - c. Kapayapaan
 - d. Kahinahunan

5. May mga taong nagdaranas ng lubhang paghihirap dahil sa kanilang malubhang karamdaman, subalit nanatiling matatag ang kalooban dahil sinasabayan nila ito ng matibay na
- a. pag-ibig
 - b. paniniwala
 - c. panalangin
 - d. pag-asa

VIII. Mga Sanggunian

Belmonte, Charles. *Patience: The Path to Victory*. Manila: Don Bosco Press Inc.

Esteban, E. J. (1990). *Education for Values*. Manila: Sinagtala Publishers

Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports-IMC. (1995). *Edukasyon sa Pagpapahalaga IV, Sangguniang Aklat*. Pasig City: May-akda.

Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

1. c
2. d
3. b
4. a
5. b

Gaano Ka Natuto?

6. c
7. d
8. b
9. a
10. b